



lalawigan ng
san diego

basura at green waste



Gawin Nating Lahat ang Ating Bahagi!

Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente** ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.

Nandito Kami Para Tumulong.

Ang **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang **tip para hindi makapasok ang mga basura at green waste sa storm drain**, kung saan nagdudulot ito ng mga isyu sa pampublikong kalusugan at panganib sa mga namumuhay sa tubig.



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon, kabilang na ang basura at green waste, ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

Ano ang Maaari Ninyong Gawin para Panatiliing Malinis ang Ating mga Daanan ng Tubig?

- Ilabas lang ang mga lalagyan ng basura sa mismong araw ng koleksyon.
- Panatiliing may takip ang mga basurahan sa lahat ng oras.
- Palitan ang anumang basurahan na may tagas o malapit nang masira.
- Magwalis o magkalaykay ng mga kalat, dahon at damo at ilagay ang mga ito sa tamang bin.
- Ibalot ang mga dahon at debris nang nakabungkos sa tarp o tela upang maitapon nang maayos sa mga may takip na lalagyan ng green waste o solidong basura.

***Salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.***

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon.

1-888-846-0800

watersheds@sdcounty.ca.gov

www.sandiegocounty.gov/stormwater